

Pagmamaneho sa Aotearoa New Zealand

Ang pagmamaneho sa New Zealand maaaring kakaiba sa nakasanayan mo. Halimbawa:

- nagmamaneho kami sa kaliwang panig ng kalsada
- mas matagal makarating sa mga lugar kaysa sa iniisip mo
- kung minsan, ang aming mga kalsada ay makitid, paliku-liko at matarik.

Tinitiyak ng NZ Police na sumusunod ang lahat sa mga tuntunin sa kalsada at nananatiling ligtas. May itinayong mga speed camera sa buong bansa. Kung lalabag ka sa mga tuntunin ng kalsada o magsasanhi ng pagkabangga, maaari kang multahan o makasuhan.

Paghinto para sa pulis

Kung kailangan ng pulis na pahintuin ang iyong sasakyan, magmamaneho sila sa likuran mo at pakikislapin ang pula at asul na mga ilaw at magpapatunog ng sirena. Dapat kang huminto kaagad nang ligtas sa tabi ng kalsada at maghintay sa iyong kotse para lapitan ka ng pulis.



Mga oras ng pagbibiyah

Madaling isipin na hindi magtatagal para makarating sa iyong pupuntahan. Tila maikli ang mga distansya kung titingnan sa mapa, ngunit ang aming mga kalsada ay maaaring maging makitid at paliku-liko sa mga bundok at burol at ang ilan ay mga kalsadang graba na hindi simentado.

Pumunta sa [journeys.nzta.govt.nz/journey-planner](https://www.journeys.nzta.govt.nz/journey-planner) upang alamin ang tagal ng iyong pagbiyahe.

Manatili sa kaliwa


- Laging magmaneho sa kaliwang panig ng kalsada. Ang ilang makikitid na mga kalsada ay walang mga nakamarkang guhit upang gabayan ka.
- Manatili sa kaliwa sa bawat interseksyon at tuwing papasok ka sa isang kalsada.
- Huwag kang lalabas sa iyong linya kapag lumiliko sa kanto.
- Huwag tatawid sa gitnang guhit maliban kung ligtas mag-overtake o lumikong palabas sa kalsada.




Pag-overtake - paglampas

Karamihan sa mga kalsada sa New Zealand ay isahang linya (lane) kada direksyon. Kung minsan ay mayroong linya para sa pag-overtake. Gamitin ang mga linya para sa pag-overtake kapag lumalampas – mangyaring maging matiyaga hanggang sa marating mo ang mga ito.

Ang isang solidong dilaw na guhit sa iyong panig ng gitnang guhit ay nangangahulugang napakamapanganib na mag-overtake. Ang dobleng dilaw na guhit sa gitna ay nangangahulugang walang sinuman sa magkabilang panig ng kalsada ang makakapag-overtake.




Kapag umo-overtake, kailangan mo ng 100 metro ng malinaw na kalsada sa iyong harapan habang lumalampas ka, kabilang ang kapag nakalampas ka na.



Huwag kailanman mag-overtake sa isang kanto o malapit sa isang kanto.



Ikung ikaw ay nagmamaneho nang mabagal, at may hanay ng mga sasakyan sa likuran mo, humanap ng isang ligtas na lugar upang maitabi ang sasakyan at hayaan silang makalampas.



Mga tulin ng pagmamaneho

Bantayan ang mga karatula ng speed limit (limit ng tulin) – may iba't ibang speed limit para sa iba't ibang mga kalsada. Kung minsan, kailangan mong maging mabagal kaysa sa limit upang ligtas na makapagmaneho, katulad kung umuulan o foggy (maulap).

Hindi ka dapat magmaneho nang mas matulin sa 90km/h kung ang minamaneho mong sasakyan ay may timbang na mahigit sa 3,500kg o humihila ka ng isa pang sasakyan tulad ng boat, caravan o trailer – kahit na ang kalsada ay markadong 100km/h.



Narito ang mga halimbawa ng ilang mga karatula ng speed limit

Ang karatulang ito ay nangangahulugang ang pinakamatuling mapapatakbo mo ay 100km/h, ngunit magmaneho ayon sa mga kondisyon.



Ang mga karatulang ito ay nagsasabi na may papalapit na masikip na kurba o liko at ang ligtas at komportableng tulin para rito. Ipinapakita ng mga arrow kung saang direksyon papunta ang kurba.



Mga seat belt

Ayon sa batas, lahat ng taong nasa loob ng sasakyan ay dapat magsuot ng seat belt o child restraint (pampigil sa bata) – saan man sila nakaupo sa sasakyan.



Edad	Ligal na kahingian
Mga batang wala pang 7 taong gulang	Aprubadong child restraint
Mga batang 7 taong gulang	Aprubadong child restraint kung mayroon o seat belt
Mga batang may edad na 8 taong gulang pataas	Seat belt
Lahat ng nasa hustong gulang	Seat belt

Kapaguran

Kung ikaw ay pagod, mas malamang kang mabangga.

- Matulog nang husto bago ka magmaneho, lalo na makaraan ang mahabang paglalakbay.
- Magpahinga sa pagmamaneho tuwing dalawang oras.
- Ibahagi ang pagmamaneho sa ibang tao kung maaari.
- Iwasan ang pagmamaneho sa mga oras na karaniwan ay oras ng pagtulog mo.
- Iwasan ang pagkain nang marami, na maaaring makapagod sa iyo, at uminom ka ng marami.
- Kung magsisimula kang antukin, huminto sa isang ligtas na lugar at sikaping umidlip nang 15 hanggang 30 minuto. Kung ikaw ay pagod na pagod, humanap ng lugar na matutuluyan nang isang gabi.

Kagiliwan nang ligtas ang mga tanawin

Itutok ang iyong mga mata sa kalsada, hindi sa tanawin. Kung gusto mong tingnan ang tanawin, humanap ng ligtas na lugar upang magparada at huminto nang wala sa kalsada. Huwag huminto kung walang mga karatula ng paghinto o nasa mga putul-putul na mga dilaw na guhit.


Mga interseksyon



Ang stop sign ay nangangahulugang huminto ka nang lubos, pagkatapos ay magbigay-daan sa lahat ng trapiko.



Ang give way sign ay nangangahulugan na dapat kang magbigay-daan sa lahat ng trapiko maliban sa mga nasa stop sign.



Sa mga roundabout (rotonda), dapat kang magmaneho nang pakanan paikot sa roundabout at magbigay-daan sa trapiko na nasa iyong kanan.

Mga tulay na may isahang linya

Ang ilan sa aming mga kalsada ay may mga tulay na may isahang linya.

Ang mga karatulang ito ay nagbababala sa iyo na may papalapit na tulay na may isahang linya. Bagalan ang takbo at tingnan kung may paparating na trapiko sa kabilang direksyon. Huminto kung kailangan mong magbigay-daan.

Ipinapakita ng maliit na pulang arrow kung aling direksyon ang dapat magbigay daan.



Ang dalawang karatulang ito ay nagpapakita na dapat kang magbigay-daan sa trapikong dumarating sa kabilang direksyon.



Ang karatulang ito ay nagsasabi na walang paparating na trapiko, maaari kang tumawid sa tulay.



Mga mobile phone

Hindi ka dapat gumamit ng hawak-hawak na mobile phone kapag nagmamaneho. Kung gumagamit ng telepono, ito ay dapat hands free (hindi hawak-hawak). Ang pagte-text sa anumang mobile phone habang nagmamaneho ay iligal.



Mga tawiran ng riles

- Kung kumiklislap ang mga pulang ilaw, huminto at magpatuloy lamang kapag ang mga ilaw ay tumigil na sa pagkislap.
- Kung may makita kang stop sign sa isang tawiran ng riles, huminto at tumawid lamang sa riles kung walang dumarating na tren sa magkabilang direksyon.
- Kung may makita kang give way sign, bagalan ang takbo at maghandang huminto at tumawid lamang sa riles kung walang dumarating na tren.



Mga hindi simentado o kalsadang graba

Ang mga kalsadang hindi simentado ay maaaring madulas sa pagmamaneho. Manatili sa kaliwa, at bagalan ang takbo. Bagalan ang takbo lalo na kapag may papalapit na mga sasakyan sa iyo dahil mahirap makakita sa alikabok at maaaring masira ng bato ang iyong windscreen.



Pagsasaluhan ng kalsada

Dapat mong bantayan ang mga taong tumatawid sa kalsada, lalo na sa mga pedestrian crossing (tawiran ng tao) at mga interseksyon.



Kapag papalapit sa mga pedestrian crossing:

- bagalan ang takbo at humandang huminto para sa sinumang mga tao na papasok sa tawiran o naghihintay sa tawiran
- kung walang nakataas na traffic island sa gitna ng tawiran, huminto at magbigay-daan sa mga tao sa alinmang bahagi ng tawiran
- maghintay hanggang sa nakatawid na ang tao sa harapan mo at wala na sila sa unahan ng iyong sasakyan bago ka magpatuloy.

Huwag papasok sa isang tawiran kung walang sapat na lugar para sa iyong sasakyan sa kabila ng tawiran.

Laging magpabagal ng takbo kung malapit sa mga nagbibisikleta at lampasan lamang sila kung ligtas na gawin ito. Sikaping mag-iwan ng 1.5 metrong pagitan sa iyo at sa nagbibisikleta kapag lumalampas.

Kung may makita kang mga hayop sa kalsada, bagalan ang takbo at sumulong nang dahan-dahan. Huwag kang bubusina.



Pagmamaneho sa taglamig

Maaaring magbago nang mabilis ang lagay ng aming panahon kaya tingnan ang taya ng panahon at mga kondisyon ng kalsada bago ka magbiyahe at maging flexible sa iyong pagbibiyaha.

metservice.com

nzta.govt.nz/traffic

Mas lalo pang mapanganib ang mga kalsada kung may niyebe at yelo, lalo na sa paligid ng mga daanan at kalsada sa bundok na hindi man lang nasisikatan ng araw. Kung binigyan ka ng kumpanya ng inarkila mong sasakyan ng mga kadenang pang-niyebe, tiyaking alam mo ang pagkakabit sa mga ito bago ka umalis.



Maging alerto sa karatulang ito ng madulas na ibabaw ng kalsada sa mga kondisyong basa o mayelo – bagalan ang takbo at iwasan ang biglaang pagpreno.

Pagsenyas

Laging sumenyas nang mga tatlong segundo bago lumiko, magpalit ng linya, at paglabas-masok sa trapiko.

Pagparada

Maaari kang mamultahan o ma-tow away sa pagparada mo nang paharap sa maling direksyon. Kung ito ay isang kalyeng one-way, maaari kang pumarada sa alinman sa magkabilang gilid ng kalsada.

Alak at droga

Huwag uminom ng alak o gumamit ng droga at pagkatapos ay magmaneho.

Iligal ang pagmamaneho nang may anumang droga sa iyong sistema na maaaring makaapekto sa iyong pagmamaneho, kabilang ang ilang mga iniresetang gamot.

Para sa mga nagmamaneho na wala pang 20 taong gulang, zero ang limit sa alak. Para sa mga nagmamaneho na mahigit sa 20 taong gulang, ang limit sa alak ay napakababa, pinakaligtas na huwag uminom kung magmamaneho.

Mga kahingian sa lisensya sa pagmamaneho

Dapat ay palagi mong dala ang iyong kasalukuyan at balidong lisensya sa pagmamaneho o permiso sa pagmamaneho habang nagmamaneho. Kung ang iyong lisensya o permiso buhat sa ibang bansa ay hindi nasa wikang Ingles, dapat ay dala mo rin ang tumpak na salin sa Ingles. Makaraan ang 12 buwang paninirahan sa New Zealand, dapat kang kumuha ng New Zealand na lisensya sa pagmamaneho.

Pumunta sa nzta.govt.nz/new-residents-and-visitors para sa karagdagang impormasyon.